

Ang Pagsusubaybay sa Pagpapanatili ng Kalusugan ay maaaring gamitin upang subaybayan ang mga sumusunod:

Malayuang pagsubaybay ng pangangailangan sa pisikal na kalusugan para sa:

- Paunang pagsasaayos at pagbibigay- edukasyon sa pasyente hinggil sa paggamit ng kagamitan
- Ang (mga) aparato na may pang-araw-araw na (mga) pagtatala o nakatakdang pagpapadala ng (mga) alerto
- Malayuang pagsubaybay sa pisyolohikal na kondisyon at interaktibong komunikasyon na isinasagawa ng: Kawaning medikal, manggagamot, o iba pang kuwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan



Ang mga Serbisyo sa Pagsubaybay para sa Pagpapanatili ng Kalusugan ay magagamit sa mga sumusunod na mga HCBS Waiver:

- Waiver ng Suporta sa Pamilya o (FSW).
- Waiver para sa Araw ng Matanda ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DDAD).
- Komprehensibong Waiver para sa mga May Kapansanan sa Pag-unlad o (CDD)

Ang impormasyon tungkol sa Serbisyo ng Malayuang Suporta ay nasa Nebraska Administrative Code:

Pamagat 403 NAC Kabanata 4, 5, at 6

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin: <https://dhhs.ne.gov/>




Kagawaran ng Kalusugan at
Serbisyong Pantao ng Nebraska
Dibisyon ng may Kapansanan sa Pag-unlad

NEBRASKA

Good Life. Great Mission.

DEPT. OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

Pagsusubaybay sa Pagpapanatili ng Kalusugan



Kahulugan

Kasama sa Pagsusubaybay sa Pagpapanatili ng Kalusugan at pagkolekta ng medikal na datos upang mapabuti ang pamamahala, pag-aalaga, at suporta para sa mga malalang medikal na kondisyon.

Ang serbisyong ito ay inihahatid sa pamamagitan ng elektronikong mga teknolohiya sa komunikasyon na malayuang sumusubaybay sa mahahalagang tanda, biometrics, o personal na datos ng isang kalahok.

Ang mga kalahok na tumatanggap ng Pagsusubaybay sa Pagpapanatili ng Kalusugan ay kinakailangang nasa ilalim ng pangangasiwa ng manggagamot, katulong ng manggagamot, o nars na may mataas na antas ng pagsasanay. Ang taong ito ay direktang nagbibigay ng pangangalaga at paggamot para sa kanilang medikal na kalagayan. Hindi lamang nila pinahihintulutan ang serbisyong pagsubaybay.

Mga Pakinabang sa Pagsubaybay sa Kalusugan

- **Kaginhawahan at Aksesibilidad:** Nagbibigay-daan sa mga kalahok na pamahalaan ang kanilang kalusugan mula saanmang lokasyon.
- **Maagang Pagtuklas at Pag-iwas:** Nakakatulong sa pagtukoy ng mga suliraning pangkalusugan bago pa ito lumala.
- **Matipid sa Gastos:** Nakakabawas sa dalas ng pagbisita sa ospital, sa gastos para sa agarang pangangalaga, at sa iba pang gastusing medikal.
- **Pinahusay na Komunikasyon sa Pagitan ng Manggagamot at Pasyente:** Nagbibigay ng agarang datos para sa mas tumpak na pagsusuri at paggamot.
- **Pinapayagan ang mga Kalahok:** Hinihikayat ang sariling pangangalaga at maagap na pamamahala ng kalusugan.

Mahahalagang Bahagi ng Pagsubaybay sa Kalusugan

- **Malayuang Pagsubaybay sa Kalusugan**
 - Tuloy-tuloy na pagsubaybay ng mga mahahalagang palatandaan ng kalusugan (puso, presyon ng dugo, antas ng asukal sa dugo, atbp.)
 - Gamit na nasusuot at apps sa cellphone para agad na makolekta ang datos
 - Mga paalala para sa hindi normal na resulta ng kalusugan
- **Pagsusuri ng Datos**
 - Prediktibong pagsusuri para sa maagang pagtuklas ng sakit
 - Naka-personalize na pananaw sa kalusugan batay sa mga uso ng datos
- **Telehealth at Birtuwal na Konsultasyon**
 - Akses sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga birtuwal na pagbisita
 - Agarang medikal na payo nang hindi kinakailangan ang pisikal na pagbisita
 - Integrasyon sa elektronikong rekord ng kalusugan para sa tuluy-tuloy na pangangalaga
- **Pagsunod sa Gamutan at Paggamit ng Gamot**
 - Awtomatikong mga paalala para sa mga sesyon ng medikasyon at paggamot
 - Birtuwal na tulong para sa pamamahala ng malalang sakit
 - Integrasyon sa mga botika para sa pagpapa-renew ng reseta

Mga Paraan ng Malayuang Pagsubaybay

Ang mga tagapagbigay ng serbisyong telehealth o digital health ay dapat gumamit ng mga sumusunod na paraan ng komunikasyon na ipinapadala sa pamamagitan ng isang ligtas na koneksyon sa komunikasyon na sumusunod sa HIPAA:

- Isang teknolohiyang pang-telehealth na gumagamit ng sabayang tunog at bidyo na naka live o real-time
- Hindi sabayang store-and-forward na teknolohiyang pang-telehealth
- Pagsubaybay sa pasyente mula sa malayo gamit ang wireless na kagamitan, wearable sensors, o health monitors, gaya ng:
 - Ritmo ng puso gamit ang electrocardiogram (ECG)
 - Paghinga
 - Antas ng oxygen sa dugo o (SpO2)
 - Pagsusukat ng presyon ng dugo nang hindi tinutusok o ginagamitan ng operasyon o (NIBP)
 - Mga kagamitang pambantay para sa Glucose
 - Timbang
 - Mga kagamitang pambantay para sa Apnea
 - Natatanging mga kagamitang pambantay para sa mga may demensya
 - Temperatura
- Mga sistemang pangtelekomunikasyon na odyo lamang
- Teknolohiyang pang-klinika para sa pakikipag-chat sa text

